



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-25 ng Enero, 2024

ANG MGA PAMPLET NG IMPORMASYON NG BOTANTE AY IPINADALA NA SA MGA REHISTRADONG BOTANTE PARA SA PRESIDENSYAL NA PRIMARYA SA MARSO

Ang mga pamplet ng impormasyon ng botante ay patungo na sa 1.9 milyong rehistradong botante ng County para sa [presidensyal na primaryang eleksyon sa Ika-5 ng Marso](#).

Kapag natanggap ninyo ang inyong pamplet, tingnan ang likod para sa inyong rehistrasyon ng partido. Tinutukoy ng inyong preperensiya sa pulitikang partido kung aling mga kandidato para sa presidensyal na primarya ang lalabas sa inyong balota sa presidensyal na primarya.

Hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na suriin ang [mga patakaran](#) ng bawat pulitikang partido kung plano ninyo bumoto sa kontest ng presidensyal na primarya.

Simula sa eleksyon na ito, makikita ninyo na ang mga pamplet ng impormasyon ng botante ng Tagapagrehistro ay maiiba nang kaunti ang itsura. Magbibigay sila ng parehong mahalagang impormasyon ngunit magiging mas malaki ang sukat, katulad ng Gabay sa Impormasyon para sa Botante ng Sekretarya ng Estado.

Ang pamplet ay naglalaman ng mga impormasyon sa eleksyon kabilang ang mga opsyon sa pagboto, huling araw ng eleksyon, mga pahayag ng kandidato, mga panukala sa balota at higit pa. Maaari ding tingnan ng mga botante ang kanilang sample na pamplet ng balota nang online gamit ang tool na [Tingnan ang inyong Sampol na Balota](#) sa [sdvote.com](#).

Kung nag-sign up kayo upang kunin ang inyong pamplet ng impormasyon ng botante sa elektronikong paraan, dapat ay nakatanggap kayo ng email na nagbibigay sa inyo ng parehong impormasyon at isang link sa inyong pamplet.

Ang mga botante na gustong mapabilang sa mga unang makakakita ng kanilang pamplet tuwing eleksyon ay maaaring [mag-sign up](#) upang makatanggap ng lahat ng mga pamplet sa hinaharap sa elektronikong paraan. Ang mga botante na kukunin ang opsyong ito ay hindi na makakatanggap ng isang papel na kopya sa koreo ngunit makakatanggap ng isang notipikasyon sa email kapag ang pamplet ay naging available sa online.

Samantala, naghahanap pa rin ang Tagapagrehistro ng mga manggagawa sa botohan, lalo na sa mga bilingguwal na manggagawa sa botohan.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa presidensyal na primarya sa Marso sa [sdvote.com](#), o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER   

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101